REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 98-049

**KAPASIYAHAN NA HINIHILING KAY PANGULONG JOSEPH "EJERCITO" ESTRADA ANG PAGPAPATUPAD NG "COMPREHENSIVE AGREEMENT ON RESPECT FOR HUMAN RIGHTS AND INTERNATIONAL HUMANITARIAN LAW" SA PAGITAN NG PAMAHALAAN NG REPUBLIKA NG PILIPINAS AT NATIONAL DEMOCRATIC FRONT.**

**********************************************************************

Ipinanukala ni: **Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Lucio B. Constantino**
**Kgg. Mario E. Bulay, Jr.**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Raul R. Corro**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Bal Niefes**
**Kgg. Nicanor L. Echavez, MD**
**Kgg. Elmer S. Espeleta**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

**********************************************************************

**SAPAGKAT,** layunin ng Pamahalaan sa ilalim ng alituntunin ng Batas at alinsunod sa prosesong Pansaligang – batas na makamtan ang isang makatuwiran, komprehensibo at panghabang panahong kapayapaan bilang pangunahing pundasyon para sa panlipunang katatagan, pangkaunlarang ekonomiya at pangkalahatang kasaganaan;

**SAPAGKAT,** walang matatamong pangkabuhayang kaunlaran kung walang kapayapaan at walang matatamong kapayapaan kung walang paggalang sa karapatang pantao ng bawat mamamayan;

**SAPAGKAT,** ang *Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Law* sa pagitan ng Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas at National Democratic Front ay nilagdaan ng Tagapagkasundong Kinatawan ng magkabilang panig noong **Ika-16 ng Marso, 1998** sa Hague, The Netherlands;

**SAPAGKAT,** ang nasabing *Agreement* ay nilagdaan at pinagtibay ni **Pangulong Joseph "Ejercito" Estrada** noong **Ika-7 ng Agosto, 1998** sa ilalim ng **Memorandum Circular No. 9;**

**SAPAGKAT,** ang madaliang pagpapatupad sa nasabing *Agreement* ay magbibigay daan para sa mga komprehensibong pakikipagkasunduan hinggil sa panlipunan, pampulitika at pangkonstitusyong pagbabago na titiyak sa pagkakamtan ng isang makatuwiran at panghabang panahong kapayapaan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** na hilingin, na ngayon ay hinihiling kay **Pangulong Joseph "Ejercito" Estrada** ang madaliang pagpapatupad ng *"Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law"* sa pagitan ng Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas at National Democratic Front.

**PINAGPASIYAHAN PA,** na bigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Tanggapan ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas para sa kanilang mahalagang kaalaman at kaukulang aksiyon.

**PINAGTIBAY,** ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong **Ika-1 ng Disyembre, 1998** sa kanilang **Ika-2 Natatanging Sesyon.**

**PINAGTIBAY:**

**VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**MGGL. RAUL R. CORRO**
Konsehal

**DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**ELMER S. ESPELETA**
Konsehal

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**BAL NIEFES**
Konsehal

**LUCIO B. CONSTANTINO**
Konsehal

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
Konsehal

**MARIO E. BULAY, JR.**
Konsehal

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punongbarangay

**ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
Petsa: 12-8-98

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196